# MONKEYPOX: ANO ANG KAILANGAN MONG MALAMAN

Ang monkeypox ay nakakahawang sakit na dulot ng virus ng monkeypox. Ang sinumang nagkaroon ng malapit at personal na pakikisalamuha sa sinumang may monkeypox ay nasa panganib.

## PAANO NAIKAKALAT ANG MONKEYPOX?

Ang monkeypox ay alam na kumakalat sa pamamagitan ng malapit, matalik, at/o matagalang pakikisalamuha, kabilang ang:

- Direktang pagdikit ng balat sa balat na may pantal, langib, o likido ng katawan mula sa taong may monkeypox
- Pagkakaroon ng kontak sa mga kagamitan at telang ginamit ng taong may monkeypox
- Pagkakaroon ng kontak sa mga inilalabas ng palahingahan ng taong may monkeypox

Pwede itong mangyari mula sa:

- Pakikipagtalik at ibang matalik na pakikisalamuha, kasama ang halikan, pagmasahe, yakapan
- Paghihiraman ng mga tela at kagamitan (tulad ng mga damit, kobrekama, tuwalya, sekswal na laruan [sex toy]) na hindi pa nalilinis
- Matagalan, malapit, at harapang pakikisalamuha, tulad ng pag-uusap nang harapan na magkalapit nang matagal (humigit-kumulang 3 oras o higit pa)
- Pagtira sa bahay, paggamit ng iisang kama, o nag-aalaga sa taong may monkeypox

Ang taong may monkeypox ay maaaring maikalat sa ibang tao mula sa oras na magsimula ang mga sintomas hanggang gumaling ang pantal, matanggal ang mga langib, at magkaroon ng bagong patong ng balat. Karaniwang nagtatagal ito ng 2 hanggang 4 na linggo.

Ang buntis na taong may monkeypox ang virus ay maaaring maipasa sa kanyang hindi pa naipapanganak na sanggol (fetus) sa pamamagitan ng plasenta.

**HINDI kumakalat ang monkeypox** sa pamamagitan ng pangkaraniwang pakikipag-usap sa o paglalakad kasama ng taong mayroon nito.

## ANO ANG MGA SINTOMAS NG MONKEYPOX?

**PANGUNAHING SINTOMAS**

**PANTAL**




Ang pantal ay maaaring:

- Magmukhang parang mga bukol, tagihawat, paltos, sugat, o langib
- Lumabas saanman sa katawan, kasama ang sa mga ari, puwit, bibig, mga kamay, at mukha
- Lumabas sa isang bahagi lang o maaari itong kumalat sa buong katawan
- Makati o masakit (lalo na kung sa loob ng bibig o puwit)

**IBA PANG MGA SINTOMAS**

**SINTOMAS NA TULAD NG SA TRANGKASO**



Lagnat/ pagkagina w



Kapaguran, pananakit ng kalamnan, at pananakit ng ulo



Mga namamagang kulani

- Maaaring lumabas ang mga sintomas na tulad ng sa trangkaso 1-4 na araw bago magsimula o pagkatapos nagsimula na ang pamamantal
- Hindi lahat ay magkakaroon ng mga sintomas na ito

**Karaniwang nagsisimula ang mga sintomas 5-21 araw pagkatapos ng pagkakalantad**

### MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG DOKTOR

kung mayroon kang mga bago, hindi maipaliwanag na pantal o sugat sa anumang bahagi ng iyong katawan. Lalong mahalaga ito kung nalantad ka sa sinumang mayroon o pinaghihinalaang mayroong monkeypox.

### KUNG WALA KANG DOKTOR:

- Tumawag sa Sentro ng Tawagan [Call Center] ng Kalusugan ng Publiko sa 1-833-540-0473 (8am – 8:30pm araw-araw), o
- Bumisita sa Klinika para sa Sekswal na Kalusugan ng Kalusugan ng Publiko na malapit sa iyo.

**I-scan ang QR na kodigo [code] para humanap ng lokasyon**

**Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Monkeypox, bisitahin ang:**
ph.lacounty.gov/Monkeypox

Monkeypox Signage 8/26/2022 (Tagalog/Filipino)

County of Los Angeles Public Health